Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagtukoy ng kaantasan ng pang-uri

Panuto: Isulat sa patlang ang titik **L** kung ang pang-uri na may salungguhit ay nasa **lantay** na antas, **PH** kung ito ay nasa **pahambing** na antas, at **PS** kung ito ay nasa **pasukdol** na antas.

1. _____ Si Danny ay kasinghusay ni Danilo sa paglalaro ng basketbol.
2. _____ Si Jasmin ang pinakamatalinong mag-aaral sa klase ni Binibining Mateo.
3. _____ Napakasarap ng amoy mula sa kusina ni Pepita.
4. _____ Ayon sa PAG-ASA, malakas ang bagyong tatama sa hilagang bahagi ng Luzon.
5. _____ Walang gusto makipagkaibigan sa kanya dahil ubod ng sama ng kanyang ugali.
6. _____ Mas matangkad sa iyo ang kuya mo nang tatlong pulgada.
7. _____ Iyan ang pinakamataas na gusali sa Lungsod ng Makati.
8. _____ Ang ani natin ngayon ay mas malaki kaysa sa nakaraang taon.
9. _____ Ang bahay ni Ginong Alfonso ay malayo sa simbahan.
10. _____ Gulat na gulat si Rosie sa balita ni Tita Meldy.
11. _____ Hindi pa tayo pwedeng magsimula dahil hindi pa buo ang pangkat natin.
12. _____ Higit na mabalahibo ang asong Labrador kaysa Doberman.
13. _____ Magsingtanda ang magkaibigan na sina Jose at Dodong.
14. _____ Ang karanasan ni Nida ay lubhang nakalulungkot.
15. _____ Kay haba ng pila sa ATM ng bangko!
16. _____ Sabi nila masigla ang pagdiriwang ninyo kagabi.
17. _____ Napapaiyak na si Lilia dahil masakit na masakit daw ang tiyan niya.
18. _____ Malamig na tubig ba ang gusto mong inumin?
19. _____ Ang sasabihin ko ay di-gaanong mahalaga tulad ng mensahe ni Joaquin.
20. _____ Dagdagan mo ng asukal ang kape mo dahil ito ay matabang.